TOMO 12 BILANG 7 | ISSN NO. 2599-5405 | HULYO 2025


LIBRE 'TO!

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

Kwentong Tagumpay Page 2

ANNIVERSERBISYO: YUGTO NG PAG-UNLAD AT PAG-ASA — CARD MRI PUBLISHING HOUSE, HIJOS TOURS, CARD SME BANK, CARD MRI HOLDINGS Page 3



FROM THE MARGINS
Dr. Jaime Aristotle B. Alip
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus
Page 4

## CARD BANK, NAGSAGAWA NG GROUNDBREAKING CEREMONY PARA SA ISLAMIC BRANCH SA LANAO DEL SUR

ni Edrian Banania




*Dumalo sa isinagawang groundbreaking ceremony para sa ikalawang sangay ng CARD Bank Islamic Branch sa Marawi City ang mga opisyal ng CARD MRI, mga opisyal ng Barangay Punta Biabao, at ilang staff at kliyente ng CARD Paglambo.*

Pormal na isinagawa ng CARD Bank, Inc., isang *microfinance-oriented rural bank* sa ilalim ng CARD MRI, ang *groundbreaking ceremony* para sa ikalawang *Islamic banking branch* nito sa Marawi City, Lanao del Sur noong Hunyo 11, 2025.

Itinataguyod ng proyektong ito ang layunin ng CARD Bank na maihatid ang dekalidad na serbisyong pinansyal sa mga pamilyang Muslim, lalo na sa mga lugar na matagal nang hindi naaabot ng mga tradisyunal na institusyong pampinansyal. Sa pamamagitan ng *Islamic banking*, binibigyang-daan ang mga komunidad na makinabang sa mga serbisyong tumatalima sa kanilang pananampalataya.

Alinsunod sa mga prinsipyo ng *Islamic finance*, pamamahalaan ang bagong sangay batay sa *Shari'ah law*. Mag-aalok ito ng mga produktong pinansyal na naaayon sa paniniwalang Islam, kabilang ang *Wadiah deposit accounts* (*Basic Savings, Regular Savings*, at *ATM Savings*), *Term Investment Deposits*, at mga *financing program* gaya ng *Micro-Agri Financing, Micro-Enterprise Financing*, at *Supplemental Commodity Financing*, na ipinatutupad sa ilalim ng mga kontratang *Murabahah* at *Musharakah*.

Sa kanyang pahayag, sinabi ni CARD Bank President and CEO Marivic M. Austria, "Tulad ng aming unang *Islamic banking branch* sa Cotabato City, ang pagbubukas ng sangay na ito sa Marawi ay patunay ng aming walang sawang hangarin na maabot at mapagsilbihan ang bawat Pilipino. Naniniwala kami na ang tunay na pag-unlad ay nagsisimula sa pagbibigay ng pantay na oportunidad sa lahat—anuman ang kanilang relihiyon, paniniwala, o pinagmulan."

Inaasahang bubuksan sa publiko ang bagong *Islamic banking branch* sa Nobyembre 2025, sa Barangay Punta Biabao, Marawi City, Lanao del Sur.

## KAUNLARAN CARAVAN NG CARD MRI, ISINAGAWA SA KABANKALAN, NEGROS OCCIDENTAL

ni Harlene Joy Reyes



*Sa larawang ito ay tampok ang pitong pares ng kliyente ng CARD, Inc. na ikinasal sa mass wedding na isinagawa sa Kabankalan, Negros Occidental. Sa pangunguna ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), ang seremonyang ito ay bahagi ng Kaunlaran Caravan at dinaluhan ng kanilang mga kapamilya at piling panauhin.*


Mahigit 400 benepisyaryo ang nakiisa sa Kaunlaran Caravan na isinagawa ng CARD MRI sa Kabankalan Sports and Cultural Complex, Kabankalan City, Negros Occidental noong Hunyo 18, 2025. Pinangunahan ito ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) katuwang ang iba't ibang institusyon sa loob ng CARD MRI.

Ang Kaunlaran Caravan ay bahagi ng inisyatiba ng CARD MRI na maghatid ng iba't ibang serbisyong pangkabuhayan, pangkalusugan, at pang-edukasyon sa mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran. Layunin nitong mapalawak at palakasin ang kaalaman, kalusugan, at kabuhayan ng

P2

## KOA-PINYON:

Mukhang hindi lang lupa ang binungkal sa groundbreaking ceremony ng Islamic Branch sa Lanao del Sur, kundi pati mga bagong pag-asa para sa komunidad ng Marawi! Sa wakas, may bangko na tumutugon hindi lang sa bulsa, kundi pati sa paniniwala ng mga kapatid nating Muslim.



## PANAGHIUSA EXPOSURE TOUR, ISINAGAWA NG CARD MRI SA CEBU

ni Edrian Banania



*Bilang pagtatapos ng tatlong araw na PANAGHIUSA: CARD MRI Exposure Tour Program, nagsama-sama ang mga media practitioner at piling opisyal ng CARD MRI para sa isang media briefing.*

Isinagawa ng CARD MRI ang PANAGHIUSA: CARD MRI Exposure Tour Program sa Lungsod ng Cebu noong Hunyo 4–6, 2025. Dinaluhan ito ng mga *media practitioners* mula sa Laguna, Quezon Province, Tarlac, Cebu, at Bohol.

"Layunin ng *exposure tour* na ito na maipakita sa mga miyembro ng *media* kung paano nakatutulong ang *microfinance* at *microinsurance* sa pagbibigay ng pag-asa at kabuhayan sa

P2

## KOA EVENTS AT KOA SUSTAINABILITY CIRCLE, ISINAGAWA SA ATIMONAN, CEBU, AT KABANKALAN

ni Harlene Joy Reyes




*Makikita sa larawan ang mga batang lumahok sa Koa Storytelling Session na isinagawa sa Atimonan (itaas na larawan) at Kabankalan, Negros Occidental (ibabang larawan). Bilang bahagi ng programa, tumanggap sila ng Koa Kits na naglalaman ng school supplies at Koa Coin Banks—mga alkansyang likha ng mga kawani ng CARD MRI sa ilalim ng Koa Sustainability Circle.*

Muling isinagawa ng CARD MRI ang mga programang Koa Events at Koa Sustainability Circle (KSC) sa Atimonan, Quezon; Cebu City; at Kabankalan, Negros Occidental noong Hunyo 2025.

Sa pangunguna ng CARD MRI Publishing House, layunin ng mga programang ito na hikayatin ang pagbabasa at palaganapin ang malasakit sa kalikasan sa mga miyembro at

P2

## KAUNLARAN CARAVAN NG ... P1

mga kliyente at ng kanilang pamilya.

Sa nasabing aktibidad, mahigit 400 indibidwal ang nabigyan ng libreng serbisyong medikal, dental, at optikal. Marami rin ang nakinabang sa *discounted generic medicines* na iniaalok ng BotiCARD. Bukod dito, 30 indibidwal ang lumahok sa *livelihood training session*, habang 189 ang nakapag-avail ng mga libreng serbisyo tulad ng *haircut, manicure/pedicure,* at *wellness massage*.

Isa sa mga tampok ng programa ang mass *wedding* na isinagawa sa pangunguna ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), kung saan pitong pares ng kliyente ng CARD, Inc. ang opisyal na ikinasal. Dinaluhan ito ng kanilang mga mahal sa buhay at piling panauhin bilang suporta sa pagpapalakas ng ugnayan sa pamilya at personal na buhay ng mga miyembro.

Samantala, 34 na mga bata ang nakiisa sa *financial literacy storytelling* na pinangunahan ng CARD MRI Publishing House. Ibinahagi sa kanila ang kwento ng "Ang Alkansya ni Carding" na nagtuturo ng kahalagahan ng pag-iimpok sa murang edad. Bilang insentibo, tumanggap ang mga bata ng *Koa Kit* na naglalaman ng *school supplies, storybook,* at *Koa Coin Bank*—isang alkansyang gawa sa *recycled paper* na bahagi ng *Koa Sustainability Circle*.

Nagkaroon din ng *booth exhibit* at *orientation session* ukol sa *Optional Insurance Products* ng CARD MBA. Apatnapu't tatlong indibidwal ang nakiisa upang mas maunawaan ang kahalagahan ng *microinsurance* bilang proteksyon sa mga hindi inaasahang pangyayari.

Ayon kay CARD, Inc. Executive Director Vicente P. Briones, Jr., "Ang Kaunlaran Caravan ay pagpapakita ng layunin naming makatulong sa mga komunidad sa pamamagitan ng edukasyon, kalusugan, kabuhayan, at serbisyong pinansyal. Naniniwala kami na sa sama-samang pagkilos, posible ang mas maginhawa at mas magandang kinabukasan para sa bawat komunidad."

Itinatag noong Disyembre 1986, ang CARD, Inc. ay isang *social development organization* na nakatuon sa pagbibigay ng mas malawak na serbisyo para sa pag-unlad ng mga kliyente at ng kanilang mga komunidad.

Patuloy na magsasagawa ang CARD MRI ng mga Kaunlaran Caravan sa iba't ibang bahagi ng bansa upang ipagpatuloy ang adbokasiyang maghatid ng suporta, pag-unlad, at pag-asa sa mga pamilyang Pilipino. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang kanilang opisyal na Facebook *page*: @CARDMRIOfficial.

## PANAGHIUSA EXPOSURE TOUR ... P1

mga pamilyang patuloy na lumalaban sa kahirapan," ani Marilyn Manila, Presidente ng CARD MRI Publishing House. "Ito rin ay pagkakataong makipag-ugnayan sa *media* para mas marami pa ang makaalam na posible ang kaunlaran kung may malasakit at pagtutulungan," dagdag pa niya.

Sa pangunguna ng CARD MRI Publishing House, binisita ng mga delegado ang mga *center* at kliyente ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) at CARD SME Bank, Inc., isang *thrift bank* sa ilalim ng CARD MRI. Sa kanilang pagbisita, nakita nila ang positibong pagbabagong dulot ng *microfinance* sa buhay ng mga *microentrepreneur*. Bahagi rin ng programa ang *cultural tour* sa Cebu na nagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa lokal na kasaysayan at kultura.

Kasama rin sa mga aktibidad ang pagbisita sa iba't ibang opisina ng CARD MRI sa Cebu, kabilang ang CARD SME Bank, CARD Pioneer Microinsurance, Inc. (CPMI), CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), at CARD, Inc. Area Office sa Guadalupe. Sa mga pagbisitang ito, mas naunawaan ng mga kalahok ang mga serbisyong *microfinance* at *microinsurance* na iniaalok ng CARD MRI at kung paano ito nakatutulong sa pagpapalago ng mga komunidad.

Pitong *media practitioners* mula sa Luzon at Visayas ang nakibahagi sa tatlong araw na *tour*. Kabilang sa kanila sina Getulio Cantos ng Radyo Pilipinas Lucena; Aura Flores ng The Southern Tagalog Herald mula sa San Pablo City, Laguna; Bonifacio Dacayanan ng Facts and Figures mula sa Tarlac; Ronaldo Dizon ng Tarlakenyo; Ted Ayeng ng DYTR Bohol; Brent Plenos ng iFM 93.9 Cebu; at Sheila Gravinez ng Radyo Pilipinas Cebu.

Ang PANAGHIUSA: CARD MRI *Exposure Tour Program* ay inisyatibo ng CARD MRI Publishing House na naglalayong ibahagi ang mga positibo at makabuluhang kuwento ng mga miyembro at kliyente ng CARD MRI. Nakatakdang isagawa ang susunod na *exposure tour* sa Hulyo 2025 sa Zamboanga.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.cardmri.com/publishinghouse o sundan ang kanilang Facebook *page*: CARD MRI Publishing House Inc.

## KOA EVENTS AT ... P1



*Nasa larawan ang mga batang lumahok sa Koa Storytelling Session sa Cebu City, kung saan 27 mga bata ang dumalo at tumanggap ng Koa Coin Banks at school supplies bilang bahagi ng programa.*

komunidad ng CARD MRI. Tampok sa mga aktibidad si Koa the Kwago, ang opisyal na *mascot* ng CARD Publishing, na sumasagisag sa katapangan, katangiang kaakibat ng misyon ng CARD MRI na patuloy na makapaglingkod sa mga komunidad.

Sa isinagawang *Koa Storytelling Sessions*, 64 na bata ang lumahok sa Atimonan, 27 sa Cebu City, at 34 sa Kabankalan. Sila ay mga anak ng mga kliyente ng CARD Bank, CARD, Inc., at CARD SME Bank, at ilang benepisyaryo ng *Zero Dropout Program* ng CARD, Inc.

Masiglang nakibahagi ang mga bata sa *storytelling* na pinangunahan ng *Koa Squad*—mga kawani ng CARD Publishing. Ibinahagi sa kanila ang mga aklat na Ang Lapis ni Anya, Si Ellie at ang Ibong Siwit, at Ang Magic Alkansya ni Carding na nagtuturo ng mahahalagang aral tungkol sa tamang paggamit ng *gadget*, pangangalaga sa kalikasan, at kahalagahan ng pag-iimpok. Sa pagtatapos ng *session*, tumanggap ang bawat isa ng *Koa Kits* na naglalaman ng *school supplies, coloring books,* at *Koa Coin Banks*—mga alkansyang likha ng mga kawani at kliyente ng CARD MRI sa ilalim ng KSC.

Samantala, naging masaya at makabuluhan din ang *Koa Kafe*, kung saan 124 na kliyente at kawani sa Atimonan at 49 sa Cebu ang aktibong lumahok. Habang nagkakape at tinatangkilik ang *calamansi juice* at *indomie noodles*, sila ay nakiisa sa mga palaro at pagbabasa ng Sulong, ang opisyal na pahayagan ng CARD MRI. Tampok dito ang *crossword puzzle* na nagbibigay ng pagkakataong manalo ng *load* sa pamamagitan ng konek2CARD.

Ayon kay CARD MRI Publishing House President Marilyn Manila, "Hindi lang ito simpleng aktibidad. Sa mata ng bata, ang isang kuwento ay maaaring magsimula ng bagong pangarap. Sa mga nakatatanda, ito ay paalala ng walang katapusang pagkatuto."

Sa Atimonan din isinagawa ang *Koa Sustainability Circle*, isang inisyatiba na humihikayat sa paggamit ng *recycled materials* upang makalikha ng mga makabuluhang produkto. Kabilang sa mga naging bahagi ng programa ang *Taka-Making Workshop* P3

# KUWENTONG TAGUMPAY

## BUNGA NG MALIKHAING KAMAY

*ni Josephine Ramos*



*Proud na ipinakita ni Bridgette Calledo ang mga handmade shell accessories na hadang ipadala sa Bacolod. Sa edad na 63, patuloy siyang nagsusumikap palaguin ang negosyong minana pa mula sa kanyang ina. Bawat likha ay simbolo ng kanyang tiyaga, sipag, at pagmamahal sa sariling produkto.*

Sa lungsod ng Cebu, matagal nang bahagi ng sining at kabuhayan ang paggawa ng *accessories* mula sa *shell* o kabibe. Ngunit para kay Bridgette Calledo, hindi sapat ang makisabay lamang sa takbo ng lokal na merkado. Sa halip, pinili niyang palawakin ang abot ng kanyang negosyo sa mga karatig-lalawigan—hanggang sa mga isla ng Panay at Negros, kung saan nakabuo siya ng matatag na koneksyon sa halos 25 *retailers* at *wholesalers*.

Hindi na bago kay Bridgette ang mundo ng paggawa ng *accessories*. Bata pa lamang ay namulat na siya sa ganitong kabuhayan—isang kasanayang minana niya mula sa kanyang ina, na matagal nang may sariling negosyo. Sa paglipas ng panahon, naging katuwang siya ng kanyang ina sa pamamalakad, at kalauna'y nagsimula rin ng sariling negosyo kasama ang kanyang asawa.

Bitbit ang aral ng karanasan at ang dedikasyong maitaguyod ang kanilang pamilya, nagsimula ang mag-asawa sa maliit na produksyon. Ngunit dahil sa patuloy na pagtangkilik ng kanilang mga suki at sa kalidad ng kanilang mga likha, unti-unting lumago ang negosyo at tumaas ang *demand*.

Upang makasabay sa dami ng order, nagbukas sila ng mas malawak na oportunidad para sa iba. Nagsimula silang kumuha ng mga katuwang sa paggawa—mga kababaihan at kabataan mula sa kanilang komunidad na nais ding kumita at matutong gumawa ng *accessories*. Mula sa simpleng operasyon sa kanilang bahay, lumawak ang kanilang grupo at ngayo'y may mahigit 20 *home-based workers* na tumutulong sa produksyon. Sa bawat piraso ng kwintas, pulseras, at *anklet*, naroon ang kamay ng isang ina, isang anak, o isang kapitbahay na ngayo'y may dagdag na kabuhayan.

Araw-araw, nakakalikha sila ng halos 1,000 *shell accessories*—patunay ng sipag, tiyaga, at sama-samang pag-unlad.

Noong 2010, naging kliyente si Bridgette ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) na bahagi ng CARD MRI. Ginamit niya ang *loan* na nagkakahalaga ng PhP 80,000 bilang puhunan sa pagbili ng karagdagang materyales at pagpapalawak ng produksyon—isang mahalagang hakbang sa patuloy na paglago ng kanyang negosyo.

Ngayon, sa edad na 63, nananatiling masigla si Bridgette sa paghahanap ng bagong oportunidad. Kasama ang kanyang manugang, madalas silang bumiyahe sa iba't ibang lalawigan tuwing may pista o *bazaar* upang ipakilala ang kanilang mga produkto sa mas maraming mamimili. Bagamat may mga panahong matumal ang benta dahil sa pabago-bagong panahon, hindi siya nawawalan ng pag-asa.

"Hindi laging mataas ang benta—may mga araw talagang mahina ang kita, at normal lang 'yon," ani Bridgette.

"Ganyan talaga ang negosyo. May mga araw na maganda ang takbo, at may panahong mabagal. Pero ang mahalaga, marunong kang sumabay sa agos at hindi sumuko. Basta tuloy lang, dahil bawat araw ay may bagong pagkakataon para magsimula at magtagumpay."

Dahil sa tagumpay ng kanilang negosyo, unti-unti ring napaayos ni Bridgette ang kanilang tahanan at nakabili ng mga kagamitan na nagpapagaan sa kanilang araw-araw na pamumuhay.

Sa mga susunod na taon, layunin niyang mas palawakin ang kanilang produksyon, lumikha ng mas maraming oportunidad sa trabaho, at makapasok sa mas malawak na merkado. Naniniwala siyang ang pag-unlad ng negosyo ay hindi lang para sa kanilang pamilya—kundi para rin sa mga taong umaasa at nakikibahagi sa kanilang tagumpay.

## HINDI HADLANG ANG PAGSUBOK: ANG NEGOSYONG BINUHAY NG PAG-ASA *ni Josephine Ramos*



*Natagpuan ni Jed Jabines mula sa Kapalong, Davao del Norte ang pagkakataong makapagsimula at umunlad sa mundo ng negosyo sa pamamagitan ng pagtatayo ng sariling coffee shop.*

Lumaki si Jed Jabines, 35 taong gulang, sa isang simpleng pamilya sa Davao. Ang kanyang ama ay isang *welder* at ang ina ay *full-time* na ilaw ng tahanan. Bagamat salat sa yaman, pinalaki silang magkakapatid na may disiplina, sipag, at pagmamahal.

Bata pa lamang ay nasanay na si Jed na magbanat ng buto. Habang nag-aaral ng *Hotel and Restaurant Management*, pumasok siya bilang *crew* sa isang *fast-food chain* upang matustusan ang sarili. Sa huling taon niya sa kolehiyo, iniwan niya ang trabaho upang makapagpokus sa pag-aaral at matagumpay na nakapagtapos.

Matapos ang *graduation*, naging *management trainee* siya sa isang kompanya at kalauna'y lumipat sa isang kilalang *coffee company* kung saan siya tumagal nang tatlo't kalahating taon. Ngunit sa gitna ng tagumpay sa trabaho, dumaan sa isang mabigat na pagsubok ang kanilang pamilya—pumanaw ang kanilang bunsong kapatid. Mula noon, bumalik si Jed sa Davao upang suportahan ang kanilang mga magulang.

Kasabay ng pagbangon, sinubukan ni Jed at ng kanyang kapatid na magtayo ng *coffee shop* noong 2015. Bagamat maganda ang konsepto, hindi ito pinalad sa kanilang bayan sa Nabunturan. Noong 2018, inilipat nila ito sa Kapalong at naging maayos ang takbo—hanggang sa dumating ang pandemya na nagpahinto sa operasyon ng negosyo.

Hindi nawalan ng pag-asa si Jed. Kasama ang kanyang asawa, nagtayo sila ng isang botika, ngunit dahil sa modernong itsura ng tindahan, inakala ng ilan na mahal ang mga gamot dito kaya't kaunti lamang ang bumibili. Bilang tugon, nagpasya silang baguhin ang kanilang estratehiya, kaya't isinilang ang "Botika ng Masa" — isang tindahang naglalayong maghatid ng abot-kayang gamot sa publiko.

Sa tulong ng PhP 100,000 na *loan* mula sa CARD SME Bank noong 2022, lumago ang kanilang botika. Nakapagtayo sila ng sangay sa Gabuyan at mas pinatatag ang operasyon.

Noong 2024, bumalik si Jed sa kanyang unang pag-ibig—ang paggawa ng kape. Muli silang nagbukas ng *coffee shop*, ngayon ay may pangalan nang "39ers." Mula sa karagdagang *loan* na PhP 250,000 mula sa CARD SME Bank, nabili nila ang mga kailangang makina para sa negosyo.

Ang "39ers" ay hindi lamang tambayan ng mga estudyante at kabataan, kundi isa ring lugar ng pag-asa. Kumuha sila ng mga *working student* bilang bahagi ng kanilang adbokasiya na suportahan ang edukasyon—pagsunod sa inspirasyon mula sa layunin ni Dr. Jaime Aristotle Alip ng CARD MRI na "One Family, One Graduate."

"Kahit tinutulungan sila ng kanilang magulang, mas mainam kung may sarili silang kita lalo na kung may biglaang gastusin," ani Jed. "Sa ganitong paraan, nakakatulong kami at natututo rin sila ng disiplina at pagiging responsable."

Ang kuwento ni Jed ay nagsisilbing paalala: puwedeng magpahinga, pero huwag susuko. Minsan kailangan lamang ng pahinga para makapag-ipon ng lakas, karanasan, at pananampalataya. At kapag dumating ang tamang panahon, handa tayong bumangon muli—mas matatag, mas handa, at mas buo.

### KOA EVENTS AT ... P2

para sa paggawa ng alkansya, at *Paper Wallet Weaving Workshop* para sa paggawa ng mga *wallet*.

May 42 kalahok ang sumali sa *Taka-Making*, habang 17 naman ang nakiisa sa pagbuo ng mga *recycled wallet*. Inaasahang ipamamahagi ang mga nagawang *coin bank* sa mga susunod na *storytelling session,* habang iniuwi ng mga kalahok ang kanilang sariling likhang paper wallet. Bilang pagkilala sa kanilang pakikilahok, tumanggap sila ng CARD Astro *products*.

"Ang *Koa Sustainability Circle* ay paalala na kahit ang lumang papel ay may bagong saysay," dagdag pa ni Manila. "Layunin naming maramdaman ng bawat kalahok na sila ay mahalagang bahagi ng pagbabago—mula sa simpleng papel hanggang sa mas responsableng pangangalaga sa kalikasan."

Ang CARD MRI Publishing House ay isang institusyong nasa ilalim ng CARD MRI na layuning maghatid ng positibong impormasyon at mga kwentong nagbibigay-inspirasyon sa komunidad sa pamamagitan ng mga babasahin at *digital platforms*.

Para sa karagdagang detalye tungkol sa CARD MRI Publishing House at sa mga susunod na *Koa Events* at *KSC*, bisitahin ang kanilang opisyal na Facebook *page*: @PublishingHouseInc.

# ANNIVERSERBISYO

YUGTO NG PAG-UNLAD AT PAG-ASA

### CARD MRI Publishing House at Hijos Tours, 8 taon sa pagbibigay-inspirasyon at pagpapahalaga sa kasaysayan *ni Harlene Joy Reyes*

Ipinagdiwang ng CARD MRI Publishing House at CARD MRI Hijos Tours ang kanilang ika-8 anibersaryo ng pagbibigay-serbisyo sa komunidad noong Hulyo 11, 2025. Layunin ng parehong institusyon na palaganapin ang inspirasyon at pagpapahalaga sa kasaysayan ng bansa.

Bilang mga institusyon sa ilalim ng CARD MRI, nananatiling magkatuwang ang CARD Publishing at Hijos Tours sa pagbabahagi ng kaalaman at kasaysayan sa komunidad ng CARD MRI. Sa pamamagitan ng mga babasahin, *special publications, magazines,* at *storytelling activities*, patuloy na naghahatid ang CARD Publishing ng mga kuwentong nagbibigay pag-asa at inspirasyon.. Kasabay nito, itinatampok naman ng Hijos Tours ang mayamang kasaysayan at tradisyon ng Pilipinas sa pamamagitan ng makabuluhang mga *tour program*.

Para sa iba pang detalye tungkol sa CARD Publishing at Hijos Tours, maaaring bisitahin ang kanilang mga opisyal na Facebook *page*: @PublishingHouseInc at @HijosToursOfficial.

### BENTE Productions, ipinagdiwang ang unang taon ng kuwento at pelikula *ni Harlene Joy Reyes*

Ipinagdiwang ng BENTE Productions ang kanilang unang anibersaryo noong Hulyo 19, 2025—isang mahalagang hakbang sa patuloy nilang misyon na maghatid ng makabuluhang kuwento at impormasyon sa pamamagitan ng pelikula at *media content* para sa komunidad ng CARD MRI at sa mas marami pang tao.

Ang BENTE Productions ay isang *media production company* sa ilalim ng CARD MRI na nagsimula mula sa tagumpay ng SineMaya: *A Community Short Film Festival* ng CARD MRI Publishing House. Layunin nitong bigyang-tinig ang talento ng mga indibidwal at komunidad sa pamamagitan ng mga pelikulang nagsasalaysay ng tunay na buhay. Ang pangalang "Bente" ay sumisimbolo sa dalawampung pisong puhunan na naging simula ng CARD MRI noong 1986—isang paalala ng kababaang-loob at tagumpay na dahan-dahang naabot.

Sa ngayon, naipalabas na ng BENTE Productions ang kanilang kauna-unahang pelikula na pinamagatang "I Remember You", na pinagbibidahan nina JC Santos at Valeen Montenegro. Sa kasalukuyan, binubuo na rin nila ang kanilang ikalawang pelikula. Para sa karagdagang impormasyon at mga programang maaaring salihan ng mga kliyente at kawani, bisitahin ang kanilang opisyal na Facebook *page* sa @BenteProdOfficial.

### CARD SME Bank, 14 taon ng pagtataguyod sa MSMEs *ni Harlene Joy Reyes*

Sa loob ng 14 na taon, naging katuwang ng mga *Micro, Small, and Medium Enterprises* (MSMEs) ang CARD SME Bank sa pagpapaunlad ng kanilang kabuhayan. Noong Hulyo 25, 2025, muling binalikan ng institusyon ang mga naging hakbang at tagumpay kasama ang kanilang mga kliyente.

Mula nang ito ay maitatag, layunin ng CARD SME Bank na palakasin ang kakayahan ng maliliit na negosyante sa pamamagitan ng abot-kayang produkto at serbisyong pinansyal gaya ng *business loans, savings, remittances,* at iba't ibang *community development programs*. Sa tulong ng mga ito, mas nagkakaroon ng pagkakataon ang mga kliyente na mapaunlad hindi lamang ang kanilang kabuhayan kundi pati na rin ang kalidad ng kanilang pamumuhay.

Batay sa pinakahuling datos noong Mayo 2025, umabot na sa 1,332,263 ang kabuuang bilang ng mga kliyenteng napagsilbihan ng CARD SME Bank sa iba't ibang panig ng bansa. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang kanilang opisyal na *website* sa cardmri.com/cardsmebank o ang kanilang Facebook *page* na @CARDSMEBankOfficialPage.

### CARD MRI Holdings, nagdiwang ng Ika-9 na anibersaryo *ni Harlene Joy Reyes*

Sa likod ng mas malawak na operasyon ng CARD MRI ay ang CARD MRI Holdings, Inc.—isang institusyong tumutok sa pagpapatibay ng mga estratehiya, proseso, at suporta upang mas mapalawak ang abot ng mga programa at serbisyo para sa mga komunidad. Noong Hulyo 29, 2025, ginunita nito ang siyam na taong paglilingkod bilang matatag na sandigan ng CARD MRI Group.

Mula nang maitatag, patuloy na gumaganap ang CARD MRI Holdings bilang katuwang sa pagpapaunlad ng mga institusyong bumubuo sa CARD MRI. Layunin nitong lumikha ng mas maraming oportunidad para sa mga kliyente, empleyado, at lokal na pamayanan—patungo sa isang mas ligtas, mas maayos, at mas maunlad na kinabukasan.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang kanilang opisyal na *website*: https://www.cardmri.com/holdings/.

### Bakawan, ipinagdiwang ang unang taon ng serbisyo *ni Harlene Joy Reyes*

Ipinagdiwang ng CARD MRI Bakawan Data Analytics, Inc. ang unang anibersaryo nito noong Hulyo 16, 2025. Sa loob ng isang taon, naging mahalagang katuwang ang Bakawan sa mas epektibong pagbibigay ng serbisyo ng CARD MRI sa mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran.

Itinatag ang Bakawan bilang *data analytics* at *technology arm* ng CARD MRI. Layunin nitong gamitin ang datos upang mas mapabuti at mapalawak ang mga programa ng institusyon. Sa pamamagitan ng maayos na pagsusuri at malinaw na pag-uulat ng impormasyon, nakatutulong ang Bakawan sa pagbuo ng mga programang tumutugon sa tunay na pangangailangan ng mga miyembro at kliyente.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CARD MRI Bakawan Data Analytics, Inc., bumisita sa www.cardmri.com o sa opisyal na Facebook *page* ng CARD MRI.

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD
Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers
Cyrene Grace DC. Lubigan
Editor-in-Chief
Roxanne Faye O. Aruta
Associate Editor
Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists
Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Writers

# CROSSWORD PUZZLE

Subukan mo na ang iyong kaalaman mula sa iyong mga nabasang kwento at impormasyon mula sa Sulong 12 bilang 7 at manalo ng **PHP 100.00 load** via konek2CARD at iba pang papremyo!


Upang manalo, sundin lamang ang mga patnubay na ito:

1. Siguraduhing nabasa nang mabuti ang nilalaman ng isyung ito bago magsimulang sagutan ang crossword puzzle na ito.
2. Basahin sa ibaba ang mga pangungusap na naglalarawan sa mga salitang iyong ilalagay sa mga kahon ng Crossword Puzzle.
3. Kuhanan ng litrato ang iyong nabuong Crossword Puzzle at ipadala sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House sa **@PublishingHouseInc** o ihulog sa pinakamalapit na dropbox sa piling CARD Indogrosir Stores sa inyong lugar kasama ng iyong buong pangalan, institusyon, pangalan ng CARD center at unit nito.

Pipili tayo via e-raffle ng entries na may tamang sagot hanggang **Agosto 29, 2025** at sila ang makatatanggap ng papremyo.

Full name: ____________________ Institution: ________________

Name of center: ____________________ Unit: ________________




**Pababa:**

1. Ito ang tawag sa mga alkansyang ginawa ng mga kawani ng CARD MRI sa pamamagitan ng *Koa Sustainability Circle*.
3. Anong uri ng maliit na prutas na kahawig ng *mulberry*, karaniwang matatagpuan sa Ilocos at ibang bahagi ng Luzon, at ginagamit sa paggawa ng *wine* na negosyo ni Nanay Felicitas Baldonado?
4. Nagsagawa ang CARD Bank, Inc., isang *microfinance-oriented rural bank* sa ilalim ng CARD MRI, ng *groundbreaking ceremony* para sa ikalawang __________ *banking branch* nito sa Marawi City, Lanao del Sur noong Hunyo 11, 2025.
5. Saan gawa ang mga *accessories* na pangunahing produkto sa negosyo ni Bridgette Calledo, na itinuturing ding bahagi ng sining at kabuhayan sa lungsod ng Cebu? Kilala rin ito sa Ingles bilang "shell."
6. Isinagawa ng CARD MRI ang ______________: CARD MRI *Exposure Tour Program* sa lungsod ng Cebu noong Hunyo 4–6, 2025. Ang programa ay dinaluhan ng mga *media practitioners* mula sa Laguna, Quezon Province, Tarlac, Cebu, at Bohol.
8. Natagpuan ni Jed Jabines ng Kapalong, Davao del Norte ang pagkakataong makapagsimula at umunlad sa mundo ng negosyo sa pamamagitan ng pagtatayo ng isang__________.
9. Ipinagdiwang ng ___________ ang ika-14 na anibersaryo ng paglilingkod nito sa mga *Micro, Small, and Medium Enterprises* (MSMEs) noong Hulyo 25, 2025.

**Pahalang:**

2. Ito ay isang *media production company* sa ilalim ng CARD MRI na itinatag mula sa tagumpay ng SineMaya: *A Community Short Film Festival* ng CARD MRI Publishing House. Layunin nitong bigyang-tinig ang talento ng mga indibidwal at komunidad sa pamamagitan ng mga pelikulang nagsasalaysay ng tunay na buhay.
7. Ito ay isang programa sa ilalim ng CARD MRI na may naglalayong maghatid ng iba't ibang serbisyong pangkabuhayan, pangkalusugan, at pang-edukasyon para sa mga komunidad na pinaglilingkuran nito.
10. Ipinagdiwang ng CARD MRI Publishing House at CARD MRI ________ ang kanilang ika-8 anibersaryo ng pagbibigay-serbisyo sa komunidad noong Hulyo 11, 2025. Layunin ng parehong institusyon ang palaganapin ang inspirasyon at pagpapahalaga sa kasaysayan ng bansa.




# KWENTUNAY

*Mga Kwentong Tunay mula kay Nanay*

## "WINE NOT?": KWENTO NG BIGNAY AT DISKARTE NI NANAY FELICITAS




Minsan, sa likod ng mga simpleng prutas ay nahahanap ang magandang ideya, isang ideyang nagiging simula ng bagong kabuhayan, gaya ng kay Nanay Felicitas Baldonado ng San Jose, Occidental Mindoro.

Matagal nang miyembro si Nanay Felicitas ng CARD Bank, Inc. mula pa noong 2009. Sinimulan niya ang kanyang negosyo sa pamamagitan ng ukay-ukay gamit ang PhP 5,000 na *loan*. Sa kanyang kasipagan at tiyaga, lumago ang kanyang kabuhayan at unti-unting naging kilala siya sa kanilang lugar.

Isang araw, napansin niyang maraming prutas ng bignay ang nahuhulog at nasasayang. Ang bignay ay isang maliit na pulang prutas na kahawig ng ubas. Doon niya naisipang subukan ang paggawa ng suka at alak gamit lang ang mga natural na paraan.

Ngayon, si Nanay Felicitas ang may-ari ng JJS Food Product, isang maliit na negosyo na ipinangalan niya sa kanyang mga apo. Kasama ang ilang regular at *seasonal workers*, nakagagawa sila ng hanggang 50 bote ng suka at *wine* bawat araw. Gumagawa rin sila ng *concentrate juice, pickled* gulay, at iba pa.

Narito ang simpleng gabay sa paggawa ng Bignay *wine*:

**Mga sangkap at materyales na kailangan:**

- Sariwang prutas ng bignay
- *Organic* na asukal
- *Yeast* (panimpla ng alak)
- *Blender*
- Salaan
- *Measuring cup*
- Malalaking garapon o *food-grade* na bote
- Takip na hindi mahigpit

**Paraan ng Paggawa:**

1. Hugasan nang mabuti ang bignay. Alisin ang mga tangkay at sirang bahagi.
2. I-blender ang prutas hanggang sa lumabas ang katas.
3. Salain para matanggal ang balat at buto.
4. Sa bawat 1 litrong katas, magdagdag ng 3 litrong tubig.
5. Ihalo ang asukal at *yeast*. Haluin hanggang matunaw.
6. Ilagay sa bote o garapon. Takpan nang hindi masikip para makahinga ang timpla.
7. Itago ito sa lugar na hindi mainit, tuyo, at walang sikat ng araw para sa *fermentation*.
8. Maaaring tikman pagkalipas ng 3 linggo para sa banayad na lasa. Mas matagal, mas malasa — kaya pwede ring hintayin ng 3 hanggang 6 na buwan.

**Tip mula kay Nanay Felicitas:** Sa paggawa ng wine, importante ang malinis na gamit, tamang sukat, at higit sa lahat— mahabang pasensya. 'Wag apurahin! Tulad ng mga pangarap, lalabas din ang tamang timpla kung marunong kang maghintay.

# SULONG COMICS

